# MENSAHE



Matagumpay na pagbati sa mga magsisipagtapos sa Taong Panuruan 2025- 2026.

Ngayong araw, ipinagdiriwang natin ang bunga ng inyong walang kapagurang pagsisikap. Ang bawat puyat, bawat pahina ng aklat na binasa, bawat pagsusulit na hinarap, at bawat gawaing pansilid na napagtagumpayan ay nagsilbing hagdan tungo sa inyong makabuluhang pagkatuto.

Ang sertipikong inyong tatanggapin ay hindi lamang simbolo ng inyong talino, kundi isang mahalagang pasaporte patungo sa mas malawak na mundo ng pagkakataon at pag-unlad.

Nawa'y ang patuloy ninyong pagpapanday ng husay, disiplina, at tunay na malasakit sa kapwa ay maging matibay na pundasyon para sa isang bagong henerasyon—isang henerasyong kailangan ng ating Bagong Pilipinas. Dalhin ninyo ang mga aral, ang positibong gawi, ang kababaang-loob, at ang pagmamalasakit saan man kayo magpunta. Maging ilaw kayo sa inyong mga komunidad, at maging inspirasyon sa mga kabataan ng ating bayang minamahal.

Sa pagtatapos na ito, inyong ipagmalaki hindi lamang ang karangalan, kundi maging ang inyong paglago bilang indibidwal na siyang magiging susi sa tagumpay na inyong inasam. Ito ay simula pa lamang ng isang bagong yugto na puno ng hamon, ngunit puno rin ng walang-hanggang pagkakataon.

Balang araw, ang ilan sa inyo ay magiging doktor, guro, inhinyero, negosyante, pulis, accountant, at magmamay-ari ng kompanya na inyong itinatag. Anuman ang inyong tahakin, maging kaagapay nawa kayo ng bawat isa. Sa pagtutulungan, sama-sama nating patunayan na kayo ***ang pag-asa ng ating bayan*** --- ang lakas at tulay ng bansa tungo sa isang progresibong sambayanan at inobatibong mamamayan.

Sa ating mga ***magulang***, maraming salamat sa inyong walang sawang suporta at pagmamahal. Kayo ang unang nagturo sa inyong mga anak na ang anumang pagsubok ay nagiging mas magaan dahil sa diwa ng bayanihan.

Sa ating mga ***guro***, ang aming taos-pusong pasasalamat. Kayo ang gumabay sa ating mga mag-aaral sa kanilang paglalakbay. Sa inyong dedikasyon, pagtitiyaga, at walang sawang pagtuturo, hinubog ninyo ang kanilang puso at isipan. Kayo ang tunay na bayani ng edukasyon.

Sa ating mga ***stakeholders***, sa inyong walang sawang suporta at pakikipagtulungan, kayo ay katuwang namin sa paghubog ng kinabukasan ng ating mga kabataan. Ang inyong ambag ay nagbibigay inspirasyon sa amin upang patuloy na pagbutihin ang aming serbisyo at maging instrumento ng pag-asa para sa ating bayan.

Ngunit huwag nating kalimutan na kaakibat ng pagtatapos na ito ay isang malaking hamon. Hinaharap ninyo ang isang mundong mabilis magbago, isang mundong nangangailangan ng inyong talino, inyong tapang, at inyong paninindigan. Gamitin ninyo ang inyong natutuhan upang maging bahagi sa pagbuo ng solusyon maging ng maka-Diyos at makataong aksiyon. Maging aktibo kayong mamamayan, maging mapanuri, at huwag matakot na manindigan para sa kung ano ang tama, makatao at makadiyos.

Mabuhay ang henerasyong may pagkakaisa at malasakit sa Bagong Pilipinas!

**CECILIA E. VALDERAMA, PhD, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan